

**MGA LOKAL NA PANUKALA PARA SA IKA-3 NG NOBYEMBRE, 2020
COUNTY NG SAN DIEGO**

HURISDIKSYON	Letra	PANUKALA
LUNGSOD NG SAN DIEGO	A	<u>MGA PANGKALAHATANG OBLIGASYONG BONO PARA SA ABOT-KAYANG PABAHAY.</u> Upang magbigay ng permanente at sumusuportang pabahay para sa mga indibidwal at pamilyang mayroong mula sa napakababa hanggang sa mababang kita, kabilang ang mga sumusuportang serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at substance abuse, para sa mga populasyong kinabibilangan ng mga beterano, matatanda, may kapansanan, kabataan at walang tirahan, dapat bang mag-isyu ang Lungsod ng San Diego ng hanggang \$900 milyon sa mga pangkalahatang obligasyong bonong pipinansyahan ng mga property tax assessment na tinatantyang nasa pagitan ng humigit-kumulang \$3 at \$21 kada \$100,000 ng assessed valuation para sa mga piskal na taon 2022 hanggang 2068?
	B	<u>MGA PAGBABAGO SA CHARTER NA MAGTATATAG NG KOMISYON SA MGA GAWAIN NG PULISYA.</u> Dapat bang baguhin ang Charter ng Lungsod upang buwagin ang Community Review Board sa mga Gawain ng Pulisya at palitan ito ng Komisyon sa mga Gawain ng Pulisya, na may mga miyembrong hihirangin ng Konseho ng Lungsod, sarili nitong staff, kapangyarihang mag-subpoena, independent legal counsel, at awtoridad upang imbestigahan ang maling gawi ng opisyal ng pulisya, pag-aralan ang mga reklamo laban sa mga opisyal, at gumawa ng mga rekomendasyon hinggil sa pagdidisiplina sa opisyal ng pulisya, mga patakaran sa pulisya, at legal na pagsunod ng Departamento ng Pulisya?
SAN DIEGO UNIFIED SCHOOL DISTRICT	C	<u>PAGBABAGO SA CHARTER: MGA PANDISTRITO-LAMANG NA ELEKSYON PARA SA MGA MIYEMBRO NG SCHOOL BOARD.</u> Dapat bang baguhin ang Charter upang palitan ang proseso para sa paghalal ng mga miyembro ng School Board sa San Diego Unified School District, sa pamamagitan ng pagtatatag na ang mga botante sa mga indibidwal na sub-district ay maghirang at maghalal ng kanilang representante sa parehong primarya at pangkalahatang eleksyon, sa halip ng kasalukuyang sistema kung saan ang mga kandidato ay hinihirang sa mga indibidwal na sub-district sa primarya ngunit sumusulong sa isang pangkalahatang eleksyon sa buong School District?
	D	<u>PAGBABAGO SA CHARTER: MGA PAMAMARAAN UPANG TANGGALIN ANG MGA MIYEMBRO NG SCHOOL BOARD PARA SA DAHILAN AT UPANG PUNAN ANG MGA PAGKABAKANTE.</u> Dapat bang baguhin ang Charter ng Lungsod upang isama ang katungkulan ng miyembro ng School Board mula sa San Diego Unified School District sa ilalim ng mga batas ng Lungsod na tumutugon sa pagtanggap ng ibinotong mga opisyal para sa dahilan, pagpunan ng mga pagkabakante sa ibinotong katungkulan, at paghalili sa katungkulan?
LUNGSOD NG SAN DIEGO	E	<u>PAG-ALIS NG 30-FOOT NA HEIGHT LIMIT SA MIDWAY-PACIFIC HIGHWAY COMMUNITY PLAN AREA.</u> Dapat bang baguhin ang Ordinansa O-10960 ng mga Mamamayan upang hindi isama ang Midway-Pacific Highway Community Plan area, na kinabibilangan ng Sports Arena, mula sa 30-foot na height limit sa mga gusali sa Coastal Zone, na may anumang pagpapaunlad sa hinaharap na required pa rin upang sumunod sa ibang mga namamahalang batas?
LUNGSOD NG CARLSBAD	G	<u>KOMPENSASYON NG KONSEHO NG LUNGSOD.</u> Dapat bang pagtibayin ang Title 2, Chapter 2.04, Section 2.04.010(A) ng Carlsbad Municipal Code upang pagbawalan ang mga adjustment sa kompensasyon ng konseho ng lungsod na humigit sa halagang itinakda ng San Diego Regional Consumer Price Index, upang i-require sa konseho ng lungsod na gumawa o i-waive ang adjustment sa kompensasyon sa Enero ng bawat taon, at upang pagbawalan ang konseho ng lungsod na magpatupad ng mga retroactive na pagtataas para sa mga taon kung saan ini-waive ng konseho ng lungsod ang adjustment sa kompensasyon?
LUNGSOD NG ENCINITAS	H	Dapat bang pagtibayin ng mga botante ng Lungsod ng Encinitas ang inisyatiba ng mamamayan na pinamagatang "Isang Ordinansa ng Lungsod ng Encinitas na Nag-aawtorisa ng mga Komersyal na Aktibidad ng Cannabis na Kinabibilangan ng mga Retail na Pagbebenta, Pagtatanim, Pagmamanupaktura, mga Cannabis Kitchen at Distribusyon, at Pagtatanim para sa Personal na Paggamit, na Mapapailalim sa Ilang Regulasyon at Restriksyon."

**MGA LOKAL NA PANUKALA PARA SA IKA-3 NG NOBYEMBRE, 2020
COUNTY NG SAN DIEGO**

<p>LUNGSOD NG IMPERIAL BEACH</p>	<p align="center">I</p>	<p><u>PANUKALA SA PANG-EMERHENSYANG PAGRESPONDE/MAHAHALAGANG SERBISYO NG IMPERIAL BEACH</u></p> <p><u>Dapat bang pagtibayin ang ordinansa upang mapanatili ang proteksyon sa sunog, mga paramediko, 911 na pang-emerhensyang pagresponde, mga programa sa pag-iwas, pag-iwas sa krimen sa kapitbahayan/komunidad; tugunan ang kawalan ng tirahan; pagbutihin ang pagresponde sa likas na kalamidad/medikal/emerhensya; panatilihin ang mga kalsada; panatilihin ang lifeguard center, mga parke, community center, programa para sa kabataan/after-school/matatanda; iba pang mga pangkalahatang serbisyo, sa pamamagitan ng pagtatatag ng 1¢ sales tax na magkakaloob ng humigit-kumulang \$1,300,000 taun-taon hanggang sa mawakasan ng mga botante, na magre-require ng mga independent audit, pagsisiwalat ng paggastos sa publiko, ang lahat ng pondo para sa Imperial Beach?</u></p>
<p>LUNGSOD NG LEMON GROVE</p>	<p align="center">J</p>	<p><u>Upang pondohan ang pangkalahatang munisipal na gastusin gaya ng para sa sunog, kaligtasan, mga daan at libangan, dapat bang ipawalang-bisa ng Lungsod ang kasalukuyang buwis sa cannabis at isamoderno ito sa pamamagitan ng panibagong buwis sa negosyo ng cannabis o hemp sa mga taunang antas na hindi lalampas ng 8% ng mga gross na resibo para sa mga retail na negosyo ng cannabis, at 4% para sa lahat ng iba pang negosyo ng cannabis; na tinatanyang lilikom ng \$560,000 hanggang \$1,120,000 taun-taon at ipapataw hanggang sa ipawalang-bisa ng mga botante?</u></p>
<p>LUNGSOD NG OCEANSIDE</p>	<p align="center">K</p>	<p><u>Dapat bang pagtibayin ang Ordinansang idinadagdag ang Article XVII, Section 2.94 sa Chapter 2 ng Oceanside City Code na magtatatag ng mga limit na tatlong apat na taong termino, magkakasunud-sunod man ito o hindi, para sa mga katungkulan ng mayor at miyembro ng konseho ng lungsod?</u></p>
	<p align="center">L</p>	<p><u>Dapat bang pagtibayin ang Ordinance No. 19-OR0729-1, na magre-rezone ng tinatayang 176.6 acres sa northeastern Oceanside upang ipatupad ang proyektong North River Farms? Ang kasalukuyang zoning ay Pang-agrikultura, na potensyal na magpapahintulot ng minimum na residensyal na loteng 2.5 acres. Binabago ng Ordinance No. 19-OR0729-1 ang zoning sa Planned Development upang mapahintulutan ang proyektong North River Farms, na inaprubahan ng Konseho ng Lungsod, kabilang ang hanggang 585 tirahan, isang 24.9-acre na komersyal na village, 68.1 acres ng agrikultura, at 17 acres ng mga parke/open space.</u></p>
	<p align="center">M</p>	<p><u>Dapat bang magtatag ang Lungsod ng Oceanside ng Buwis sa Negosyo ng Cannabis na hindi hihigit sa 6% ng mga gross na kita para sa mga Retailer, Tagapagmanupaktura at Tagapamahagi ng Cannabis at hindi hihigit sa 3.5% ng mga gross na kita para sa Nagtatanim ng Cannabis upang lumikom ng humigit-kumulang \$1,900,000 taun-taon, hanggang sa baguhin o ipawalang-bisa ng mga botante ang buwis, upang pondohan ang mga pangkalahatang serbisyo ng lungsod, kabilang ang mga pagsusumikap sa pagpapatupad laban sa mga negosyo ng cannabis na nagpapatakbo nang ilegal?</u></p>
<p>LUNGSOD NG POWAY</p>	<p align="center">P</p>	<p><u>“Inaaprubahan ba ninyo ang The Farm sa Poway Specific Plan gaya ng pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Poway upang baguhin ang General Plan at Zoning Code upang mapahintulutan ang pagpapaunlad ng isang master-planned na sustainable na komunidad na may maximum na 160 tirahan at hindi bababa sa 70.4 acres ng permanenteng open space kabilang ang mga panlibangan at pang-agrikulturang amenidad na nakalaan sa komunidad, sa humigit-kumulang 117.2 acres sa 17166 Stoneridge Country Club Lane sa Lungsod ng Poway?”</u></p>
<p>LUNGSOD NG SANTEE</p>	<p align="center">N</p>	<p><u>“Dapat bang pagtibayin ang isang ordinasang babaguhin ang Santee General Plan na inire-require ang pag-apruba ng botante para sa mga pagpapaunlad na aksyon na magpapalaki ng residensyal na densidad o paiigtingin ang paggamit ng lupa kumpara sa kasalukuyang pinahihintulutan ng General Plan?”</u></p>
	<p align="center">Q</p>	<p><u>“Dapat bang pagtibayin ang panukalang babaguhin ang Santee Municipal Code upang i-require na walang sinuman ang dapat maglingkod bilang isang “Ibinotong Opisyal,” na ipinakahulugan upang kabilangan ng mga katungkulan ng Mayor at Miyembro ng Konseho ng Lungsod, ng mahigit labindalawang taon, o tatlong termino, alinman ang mas mababa, ng anumang bahagi ng termino, ito man ay sa pamamagitan ng eleksyon o paghirang, na binibilang bilang isang buong termino?”</u></p>
	<p align="center">R</p>	<p><u>“Dapat bang pagtibayin ang isang ordinansang babaguhin ang Santee Municipal Code upang magtatag ng tatlong-terminong panghabang-buhay na limit sa pagserbisyo Konseho ng Lungsod at isang hiwalay na dalawang-terminong panghabang-buhay na limit sa pagserbisyo bilang Mayor?”</u></p>
<p>LUNGSOD NG SOLANA BEACH</p>	<p align="center">S</p>	<p><u>Dapat bang pagtibayin ang isang iminumungkahing ordinansang babaguhin ang Solana Beach Municipal Code upang Ganap na Ipawalang-bisa ang mga Kasalukuyang Pagbabawal at Pahintulutan ang mga Retailer ng Pangkomersyong Cannabis (Marijuana) sa mga Zone na Hindi Residensyal at ang mga Paghahatid at Ilang Pagtatanim ng Marijuana sa lahat ng Zone sa Lungsod ng Solana Beach?</u></p>

**MGA LOKAL NA PANUKALA PARA SA IKA-3 NG NOBYEMBRE, 2020
COUNTY NG SAN DIEGO**

<p>CAJON VALLEY UNION SCHOOL DISTRICT</p>	<p align="center">T</p>	<p><u>Upang mapalitan ang outdated na wiring ng kuryente; mapadami ang pag-access sa internet; i-upgrade ang mga fire alarm; pagbutihin ang kaligtasan ng estudyante/ seguridad ng campus at palitan ang mga nalulumang portable, dapat bang pagtibayin ang panukala ng Cajon Valley Union School District upang mag-isyu ng \$125 milyon sa mga bono, na palalawigin ngunit hindi itataas ang kasalukuyang antas ng buwis (may average na \$13/\$100,000 ng assessed valuation) at lilikom ng \$6.2 milyon taun-taon hanggang sa mabayaran na may kasamang legal na antas ng interes, mga taunang audit, independent oversight, lahat ng pondo ay gagastusin nang lokal, na walang pera para sa mga suweldo ng mga administrador at magiging kuwalipikado para sa reimbursement ng Estado?</u></p> <p><u>Mga Bono - Oo</u> <u>Mga Bono - Hindi</u></p>
<p>DEHESA SCHOOL DISTRICT</p>	<p align="center">U</p>	<p><u>Upang mapabuti ang kaligtasan ng estudyante at seguridad ng campus; i-renovate ang mga classroom at pasilidad na pang-edukasyon; paramihin ang pag-access sa internet; at i-upgrade ang mga fire alarm at outdated na wiring ng kuryente, dapat bang pagtibayin ang panukala ng Dehesa School District na mag-aawtorisa ng \$3.1 milyon sa mga bono na may masusing independent oversight, mga taunang antas ng buwis na may average na \$30.00/\$100,000 ng assessed valuation (na lilikom ng \$193,000/taon hanggang sa mabayaran ang mga bono), mga legal na antas ng interes, taunang audit, lahat ng pondo ay gagastusin nang lokal at hindi kukunin ng estado at walang pera para sa mga suweldo ng mga administrador?</u></p> <p><u>Mga Bono - Oo</u> <u>Mga Bono - Hindi</u></p>
<p>LA MESA – SPRING VALLEY SCHOOL DISTRICT</p>	<p align="center">V</p>	<p><u>Upang ipaayos ang mga luma, outdated na classroom at pasilidad ng paaralan, ayusin ang mga nasisirang bubong, tubo ng tubig at sistema ng kuryente, pagbutihin ang kaligtasan ng estudyante at seguridad ng campus, at i-upgrade ang mga classroom, mga laboratoryo, mga pasilidad at teknolohiya upang suportahan ang achievement sa science, matematika, pagbabasa, teknolohiya, sining at engineering, dapat bang pagtibayin ang panukala ng La Mesa – Spring Valley School District na mag-aawtorisa ng \$136,000,000 sa mga bono sa mga legal na antas, na magpapataw ng humigit-kumulang 2.4 sentimo kada \$100 assessed value (\$7,879,000 taun-taon) habang ang mga bono ay nananatiling dapat bayaran, na may citizen oversight at ang lahat ng pera ay mananatiling lokal?</u></p> <p><u>Mga Bono - Oo</u> <u>Mga Bono - Hindi</u></p>
<p>OCEANSIDE UNIFIED SCHOOL DISTRICT</p>	<p align="center">W</p>	<p><u>“Upang protektahan ang mga may kalidad na paaralan at i-upgrade ang mga nalulumang pasilidad, dapat bang pagtibayin ang panukala ng Oceanside Unified School District upang: i-upgrade ang mga classroom para sa pagtuturo ng science, teknolohiya, engineering, sining, matematika; tugunan ang mga pamantayan ng paaralan sa lindol, sunog, kalusugan at kaligtasan; isamoderno ang mga computer at teknolohiya; at ipaayos o palitan ang mga nasisirang bubong, tubo ng tubig, kuryente, mga heating at cooling system; sa pamamagitan ng pag-iisyu ng \$160,000,000 sa mga bono sa mga legal na antas, na magkakaloob ng humigit-kumulang \$9,100,000 taun-taon, na magpapataw ng 3¢ kada \$100 ng assessed value habang ang mga bono ay nananatiling dapat bayaran, na may independent oversight at mga audit?”</u></p> <p><u>Mga Bono - Oo</u> <u>Mga Bono - Hindi</u></p>
<p>SOUTH BAY UNION SCHOOL DISTRICT</p>	<p align="center">X</p>	<p><u>Dapat bang limitahan sa tatlong (3) ibinobotong termino ng panunungkulan ang mga Miyembro ng Board of Trustees ng South Bay Union School District?</u></p>
<p>LAKESIDE FIRE PROTECTION DISTRICT</p>	<p align="center">Y</p>	<p><u>Dapat bang pagtibayin ang panukala ng Lakeside Fire Protection District, na magpapawalang-bisa sa mga kasalukuyang taunang singil na \$10.00, na papalitan ito ng \$25.00 na espesyal na buwis kada yunit ng benepisyo, na lilikom ng humigit-kumulang \$2,480,000 taun-taon, na na-adjust sa 2% taun-taon para sa inflation hanggang sa mapawalang-bisa ng mga botante, na gagamitin para sa mga serbisyo ng pagprotekta sa sunog at mga gastos sa kapital, ng: Hindi pinabuting lupa - 2 yunit/acre; Parcel ng farm - 4 na yunit; Tirahang pang-isahang pamilya - 4 yunit; Tirahang pangmaramihang pamilya/Mobile home - 3 yunit; Komersyal na negosyo - 10 yunit; Industriyal na negosyo - 20 yunit?</u></p>
<p>RINCON RANCH COMMUNITY SERVICES DISTRICT</p>	<p align="center">Z</p>	<p><u>“DAPAT BANG AWTORISAHAN ANG RINCON RANCH COMMUNITY SERVICES DISTRICT NA MAGTATAG AT MAGPATAW NG OVERRIDE NA ESPESYAL NA BUWIS, SA LAHAT NG NABUBUWISANG REAL PROPERTY SA LOOB NG MGA HANGGANAN NITO PARA SA LAYUNING MAGKALOOB NG MGA PONDO PARA SA PAGPAPAAYOS AT PAGRE-RESURFACE NG MGA KALSADANG PINANANATILI NG DISTRITO, SA ESPESYAL NA BUWIS NA ITO NA HINDI HIHIGIT SA ANIM NA DOLYAR KADA ACRE, O BAHAGI NITO, AT ISANG DAAN AT PITUMPUNG DOLYAR KADA PARCEL NG LUPA KADA TAON?”</u></p>

MGA LOKAL NA PANUKALA PARA SA IKA-3 NG NOBYEMBRE, 2020
COUNTY NG SAN DIEGO

VALLEY CENTER FIRE PROTECTION DISTRICT	AA	<u>PANUKALA NG PROTEKSYON SA PANG-EMERHENSYANG PAGRESPONDE NG VALLEY CENTER FIRE PROTECTION DISTRICT</u> <u>Upang mapanatili/mapabuti ang mga lokal na proteksyon sa sunog/pang-emerhensyang medikal na serbisyo at kahandaan/pagresponde sa wildfire/likas na kalamidad; mag-recruit/magpanatili ng mga bumbero/paramediko; magpatayo ng istasyon ng bumbero upang mapabuti ang mga oras ng pagresponde; palitan ang mga nalulumang kagamitan; dapat bang pagtibayin ang panukala ng Valley Center Fire Protection District na magpapataw ng 6¢ kada square foot ng pinabuting residensyal na ari-arian, \$49 kada hindi pinabuting parcel, na may iba't ibang antas para sa ibang mga uri ng ari-arian, na magbibigay ng \$820,000 taun-taon para sa lokal na paggamit, hanggang sa mawakasan ng mga botante; na may mga eksempsyon para sa matatanda at independent oversight?</u>
---	-----------	---

Ika-11 ng Agosto, 2020